



Ano Ang Kailangan Mong Malaman Tungkol sa Mapanglinlang na Anunsiyo

Ano ang nasa loob

Mapanloko at mapanlinlang na mga patalastas	1
Ano ang ginawa namin para labanan ang mapanlinlang na patalastas	2
Ano ang dapat gawin kung makatanggap ng mapanlinlang na impormasyon tungkol sa Social Security	2
Ano ang dapat gawin kung makatanggap ng mapanlinlang na impormasyon tungkol sa Medicare	2
Pakikipag-ugnayan sa Social Security	2

Mapanloko at mapanlinlang na mga patalastas

Ang mga mamimili sa buong bansa ay madalas na nalililang ng mga advertiser na ginagamit ang mga salitang “Social Security” o “Medicare” para maakit ang kanilang mga biktima. Madalas, ang mga kompanyang ito ay naghahandog ng mga serbisyo ng Social Security nang may singil, kahit na ang parehong mga serbisyo ay direktang makukuha mula sa Social Security nang walang bayad.

Ang mga serbisyong ito ay kinabibilangan ng pagtanggap ng:

- Isang iwinastong card ng Social Security na ipinapakita ang pangalan nang kinasal ng isang babaeng ikakasal pa lang;

- Isang card sa Social Security para palitan ang isang nawalang card;
- Isang Pahayag ng Social Security; at
- Isang numero ng Social Security para sa isang bata.

Ang ilang mga direct marketer ay nagmumungkahi na lubos na may pinansiyal na mga problema ang Social Security at nanganganib ang mga taong mawalan ng Social Security o mga benepisyo sa Medicare maliban na lang kung magpadala sila ng kontribusyon o membership fee sa advertiser. Ang ibang mga kompanya ay nagbibigay ng mapanlinlang na dating ng isang pag-eendorso ng Social Security o pagkakaanib dito sa pamamagitan ng paghahandog ng isang “Update sa Social

Security” o mga kaugnay na pag-update sa benepisyong. Karaniwan, ang mga kompanyang ito ay humihingi ng impormasyon mula sa mga mamimili at tapos ay binebenta muli ang pribadong impormasyon ng mga mamimili. Ang mga pamamalakad sa marketing na ito ay malinaw na niloloko at nililinlang ang publikong Amerikano.

Ano ang ginawa namin para labanan ang mapanlinlang na patalastas

Ang batas na tiyak na sumasaklaw sa mga mapanlinlang na Social Security at Medicare na patalastas ay nagbabaw sa mga tao o mga negosyo na di sa gobyerno na gumamit ng mga salita o emblem na maaaring linlangin ang iba. Ang kanilang patalastas ay hindi maaaring hanguin ang mga taong maniwala na sila ay kumakatawan, at tila may koneksyon, o ineendorso o aprubado ng Social Security o ng Centers for Medicare & Medicaid Services (Medicare).

Sa kaganapan ng posibleng pagkakalinlang na patalastas ng Social Security, nirerepaso ng Tanggapan ng Inspector General ng Social Security ang patalastas. Kapag nakuwestiyon ang kanilang patalastas, maraming mga tao at kompanya ang kusang sumasang-ayon na huminto sa paggamit ng mga ito, o baguhin ang mga patalastas para makasunod sa batas. Gayunman, kung hindi makapagkasunduan sa isang kusang pagsasang-ayon, ang Tanggapan ng Inspector General ay magmumulta sa lumabag na tao o kompanya ng hanggang \$5,000 para sa bawat patalastas na naipadala sa koreo. Ang mapanlokong mga patalastas hinggil sa Medicare ay dapat ipasa sa Tanggapan ng Inspector General para sa pagrerepaso ng Department of Health and Human Services.

Ano ang dapat gawin kung makatanggap ng mapanlinlang na impormasyon tungkol sa Social Security

Ipadala ang kumpletong patalastas, kasama na ang sobre, sa

Office of the Inspector General
Fraud Hotline
Social Security Administration
P.O. Box 17768
Baltimore, MD 21235

At, ipagbigay-alam sa attorney general ng inyong estado o consumer affairs office sa Better Business Bureau sa inyong lugar.

Ano ang dapat gawin kung makatanggap ng mapanlinlang na impormasyon tungkol sa Medicare

Makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Inspector General para sa Department of Health and Human Services

U.S. Department of Health & Human Services
Office of Inspector General
Attn: HHS Tips Hotline
P.O. Box 23489
Washington, DC 20026

Pakikipag-ugnayan sa Social Security

May iba't ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyong at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

Bumisita sa aming website

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa **www.socialsecurity.gov**. Doon, maaari kayong:

- Lumikha ng isang my Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification letter (liham ng pagpapatotoo ng benepisy), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;
- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;
- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisy sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at
- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

Tumawag sa amin

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.



Securing today
and tomorrow

Social Security Administration

Publication No. 05-10005-TL | May 2017

Ano Ang Kailangan Mong Malaman Tungkol sa Mapanglinlang na Anunsiyo

What You Need To Know About Misleading Advertising (Tagalog)

Produced and published at U.S. taxpayer expense

Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito